

**Pahayag ng mga Obligasyon ng May-ari ng Bahay**  
**Programa ng Voucher para sa Pagkamay-ari ng Bahay ng Piniling Pabahay**  
**[Housing Choice Homeownership Voucher Program]**

**U.S. Department of Housing and Urban Development**  
Office of Public and Indian Housing

OMB Approval No. 2577-0169  
(may-bisa hanggang 3/30/2012)

Ang tungkulin ng pagre-report ng publiko para sa pangongolektang ito ng impormasyon ay tinanyang karaniwan na 0.25 ng isang oras para sa bawat sagot, kasama ang oras para sa pagbabasa ng mga instruksyon, paghahanap ng mga kasalukuyang mapagkukunan ng mga data, pagtitipon at pagpapanatili ng data na kailangan, at pagkompleto at pagrerebyu ng pangongolekta ng impormasyon. Ang ahensyang ito ay hindi maaaring magsagawa o magtangkil ng, at hindi inuutos sa isang tao na sumagot sa, isang pangongolekta ng impormasyon maliban kung ang tinutukoy na pangongolekta ay nagpapakita ng isang balidong control number ng OMB. Hindi nagbibigay ng mga kasiguruhan ng pagiging kompidensyal ayon sa pangongolektang ito. Itong pagkolekta ng impormasyon ay autorisado ayon sa Seksyon 8 ng U.S. Housing Act of 1937 (42 U.S.C. 1437f). Ginagamit ang impormasyon para bigyan ang isang pamilya ng autorisasyong humanap ng karapat-dapat na unit at binabanggit nang tiyakan ang laki ng unit. Itinatakda rin ng impormasyon ang mga obligasyon ng pamilya ayon sa Programa ng Voucher Para sa Piniling Pabahay.

Itong pagkolekta ng impormasyon ay autorisado ayon sa Seksyon 8 ng U.S. Housing Act. Itinatakda rin ng impormasyon ang mga obligasyon ng pamilya kapag lumalahok sa programa ng pagkamay-ari ng bahay ayon sa Programa ng Voucher Para sa Piniling Pabahay.

**Pahayag Ukol sa Akta ng Privacy.** May autorisasyon ang Department of Housing and Urban Development (HUD) na kolektahin ang impormasyong hinihingi sa form na ito ng Seksyon 8 ng U.S. Housing Act of 1937 (42 U.S.C. 1437f). Iniuutos ang pagkolekta ng mga pangalan at address ng mga myembro ng pamilya. Itinatakda rin ng impormasyon ang mga obligasyon ng pamilya kapag lumalahok sa programa ng pagkamay-ari ng bahay ayon sa Programa ng Voucher Para sa Piniling Pabahay. Maaaring isiwalat ng HUD ang impormasyong ito sa mga ahensyang Pederal, Estado at lokal kapag may-kaugnayan sa mga imbestigasyon at pag-uusig na sibil, kriminal o pampangasiwaan. Hindi ito isisiwalat o ihahayag sa ibang paraan sa labas ng HUD, maliban sa pinahihintulutan o inuutos ng batas. Ang hindi pagbigay ng alinman sa impormasyon ay maaaring mauwi sa pagkaantala o sa pagtangi sa partisipasyon ng pamilya sa programa ng voucher para sa pagkamay-ari ng bahay.

1. **Mga Obligasyon ng May-ari ng Bahay.** Dapat sumunod sa mga tuntuning nakalista sa ibaba ang pamilyang lumalahok sa programa ng voucher para sa pagkamay-ari ng bahay ng public housing agency [ahensya ng pambayang pabahay] (PHA) para makatanggap ng tulong para sa pagkamay-ari ng bahay. Dapat totoo at kompleto ang anumang impormasyong ibibigay ng pamilya. Ang bawat myembro ng pamilya (pati ang sinumang inaprobahan ng PHA na live-in aide para sa mga tuntuning may-kaugnayan sa gawaing kriminal o paglalasing) ay dapat:
  - A. Magpahayag at magberipika ng mga social security number at mga employer identification number, pumirma at magsumite ng form ng pagbibigay-pahintulot para sa pagkuha ng impormasyon (kasama ang mga record ng kombiksuyong kriminal ng mga myembro ng sambahayan na may sapat na gulang), at magbigay ng anumang impormasyong itinakda ng PHA o ng HUD na kailangan (kasama ang ebidensya ng pagiging mamamayan o ng karapat-dapat na status sa immigration, impormasyong gagamitin sa pagtiyak ng pagiging karapat-dapat na tumanggap ng tulong para sa pagkamay-ari ng bahay, at impormasyong gagamitin sa regular na itatakdang muling iksaminasyon o pansamantalang muling iksaminasyon ng kita at kabuuan ng pamilya).
  - B. Magsumite ng anumang inuutos ng PHA na report tungkol sa pag-abanse ng pamilya sa paghahanap at pagbili ng bahay.
  - C. Dumalo sa at tapusin nang kasiya-siya ang anumang inuutos ng PHA na counseling ukol sa pagkamay-ari ng bahay at sa pabahay.
  - D. Pumili at magbayad para sa isang inspeksyon bago sa pagbili [pre-purchase inspection] ng isang propesyonal na inspektor na may-kasarinlan. Dapat isagawa ang inspeksyon alinsunod sa mga utos ng PHA.
  - E. Makipagkasundo sa nagbebenta ng unit sa isang kontrata sa pagbibili at agad-agad magbigay ng kopya ng kontrata sa pagbibili sa PHA. Dapat tumupad sa mga utos ng PHA ang mga tadhana ng kontrata sa pagbibili.
  - F. Kumuha at magpanatili ng seguro sa baha para sa mga bahay na nasa natatanging mga lugar na may panganib ng pagbabaha.
  - G. Tumupad sa mga tadhana ng anumang pagkakautang na ginagarantiyahan ng mortgage para ibili ng bahay (o anumang pagpapa-refinance ng ganoong utang).
  - H. Agad-agad na ipaalam sa PHA sa isang kasulatan kapag (1) wala ang pamilya sa bahay nang matagalang panahon alinsunod sa mga patakaran ng PHA, at (2) bago bakantihin ng pamilya ang bahay. Magbigay ng anumang impormasyong hinihiling ng PHA para maberipika na nakatira ang pamilya sa bahay o impormasyong may-kaugnayan sa pagliban ng pamilya sa bahay.
  - I. Gamitin ang tinutulungang bahay na tirahan lamang ng mga myembro ng pamilya, live-in aide o foster child na inaprobahan ng PHA. Walang ibang tao ang maaaring manirahan sa bahay. Tangging tirahan dapat ng pamilya ang bahay at walang myembro ng pamilya ang maaaring magkaroon ng interes sa pagkamay-ari sa anumang iba pang ari-ariang pamahayan. Ang anumang legal na mga gawain para kumita na gagawin sa bahay ay dapat incidental sa pangunahing gamit sa bahay bilang tirahan. Hindi dapat paupahan ng pamilya ang anumang bahagi ng bahay o ng lupang nasa paligid.
  - J. Dapat ipaalam kaagad sa PHA sa isang kasulatan ang tungkol sa pagsilang, pag-ampon o paggawad ng korte sa kanilang poder ng bata, at humiling sa PHA ng nakasulat na pahintulot na idagdag ang sinumang myembro ng pamilya bilang maninirahan sa bahay. Agad-agad na ipaalam sa PHA sa isang kasulatan kung hindi na naninirahan sa bahay ang sinumang myembro ng pamilya.
  - K. Ibigay ang anumang impormasyon na inuutos ng PHA o ng HUD tungkol sa: (1) anumang mortgage o iba pang pagkakautang para ibili ng bahay, anumang pagpapa-refinance ng ganoong utang (kasama ang impormasyong kailangan para alamin kung ang pamilya ay di-tumupad sa pagbabayad sa utang, at ang uri ng anumang ganoong di-pagtupad sa pagbabayad), at impormasyon tungkol sa anumang kabayaran ng utang na ginagarantiyahan ng mortgage; (2) anumang pagbebenta o paglipat ng anumang interes sa bahay; o (3) ang mga gastos ng pamilya sa pagkamay-ari ng bahay.
  - L. Agad-agad na ipaalam sa PHA sa isang kasulatan kung di-tumupad sa pagbayad ang pamilya sa isang mortgage na gumagarantiya sa anumang pagkakautang para ibili ng bahay.
  - M. Huwag magsagawa ng anumang pandaraya, panunuhol o anupamang ibang katiwalian o gawaing kriminal na may-kaugnayan sa anumang programang Pederal ng pagpapabahay. Huwag masangkot sa anumang gawaing kriminal na may-kaugnayan sa droga o anumang marahas na gawaing kriminal. Huwag masangkot sa anumang gawaing kriminal na nagsasapanganib sa kalusugan, kaligtasan o karapatang masiyahan nang walang-gulo ng ibang mga residente at mga taong naninirahan sa kalapit na paligid ng

- premises. Huwag maglasing sa paraang nagsasapanganib sa kalusugan, kaligtasan o karapatang masiyahan nang walang-gulo ng ibang mga residente at mga taong naninirahan sa kalapit na paligid ng premises. Huwag masangkot sa o magbanta ng asal na maabuso o marahas sa mga tauhan ng PHA. Huwag masangkot sa iba pang gawaing kriminal na maaaring magsapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng mga taong gumagawa ng kinontratang tungkulin o responsibilidad ng administrasyon alang-alang sa PHA (kasama ang mga tauhan ng PHA at mga kontratista/kontratista ng isang kontratista/tauhan ng ahente ng PHA).
- N. Huwag paupahan, ilipat o isalin ang bahay maliban para maggawad ng mortgage sa bahay para sa pagkakautang para tustusan ang pagbili ng bahay o anumang pagpapa-refinance ng ganoong utang.
- O. Huwag tumanggap ng tulong ng programa ng voucher para sa pagkamay-ari ng bahay habang tumatanggap ng ibang salaping-tulong sa pabahay para sa parehong bahay o para sa ibang unit batay sa anumang magkatulad na programa ng tulong sa pabahay ng Pamahalaang Pederal, Estado o lokal.
- P. Tumupad sa anumang karagdagang utos ng PHA para sa paghahanap at pagbili ng bahay ng pamilya at para sa pagpapatuloy ng tulong sa pagkamay-ari ng bahay para sa pamilya. Dapat ilakip ng PHA sa dokumentong ito ang isang listahan ng anumang mga utos na ganito.
2. **Pagwawakas sa tulong.** Maaaring bayaran ang tulong sa pagkamay-ari ng bahay sa panahon lamang na nakatira ang pamilya sa bahay. Maaaring ipagkait ang pahintulot o wakasan ng PHA ang tulong sa pagkamay-ari ng bahay para sa anumang katwirang nakalista sa ibaba:
- A. Lumabag o lumabag na ang pamilya sa anumang obligasyon ng pamilya ayon sa seksyon 1.
- B. Napaalis na ang sinumang myembro ng pamilya mula sa pabahay na tinutulungan ng pamahalaang pederal nitong nakaraang limang taon, o napaalis na ang sinumang myembro ng pamilya mula sa pabahay na tinutulungan ng pamahalaang pederal para sa gawaing kriminal na may-kaugnayan sa droga nitong nakaraang tatlong taon.
- C. Winakasan, kahit na kailan, ng isang PHA, ang tulong batay sa programa ng certificate o voucher para sa sinumang myembro ng pamilya.
- D. Kasalukuyang may utang ang pamilya ng anumang pera sa PHA o sa ibang PHA na may-kaugnayan sa tulong ng Seksyon 8 o pambayang pabahay. Hindi pa isinauli ng pamilya sa anumang PHA ang mga halagang ibinayad sa isang may-ari ayon sa kontrata ng mga bayad bilang tulong sa pabahay para sa upa, mga pinsala sa unit, o iba pang mga halaga na utang ng pamilya. Hindi tinupad ng pamilya ang kasunduan sa PHA na magbayad ng mga halagang utang sa PHA, o mga halagang ibinayad sa may-ari ng isang PHA.
- E. Ang sinumang myembro ng sambahayan ay sumasailalim sa utos ng habambuhay na pagpaparehistro ayon sa programa ng rehistrasyon ng Estado para sa mga may pagkakasalang sekswal.
- F. Ang sinumang myembro ng sambahayan ay nagkaroon ng kombiksyon, kahit na kailan, para sa paggawa o paglikha ng metampetamina sa loob ng premises ng pabahay na tinutulungan ng pamahalaang pederal.
- G. Hindi tumupad ang pamilya, nang walang mabuting dahilan, sa anumang kontrata sa paglahok ng programa ng kasarinlan ng pamilya [family self-sufficiency program].
- H. Hindi tumupad ang pamilya, nang sadya at tuloy-tuloy, sa anumang mga obligasyon sa programa ng welfare-to-work [mula sa welfare tungo sa trabaho].
- I. Binawian ng bahay ang pamilya alinsunod sa utos ng hukuman sa hatol ng pagremata sa anumang pagkakautang na ginagarantiyahan ng mortgage para ibili ng bahay (o anumang pagpapa-refinance ng ganoong utang).
- J. Natiyak ng PHA na ang tulong sa pagkamay-ari ay naibigay na para sa pinakamahabang takdang panahon na pinahihintulutan ng programa ng voucher para sa pagkamay-ari ng bahay, o 180 araw ayon sa kalendaryo na ang nakaraan buhat ng huling bayad bilang tulong sa pagkamay-ari ng bahay alang-alang sa pamilya
- K. Nagpasya ang PHA na wala nang sapat na pondo para magbigay ng patuloy na tulong para sa pagkamay-ari ng bahay.

**ITAGO ITONG DOKUMENTO PARA SA RECORDS NINYO**

<b>Pamilya</b>	
Pangalan ng Ulo ng Sambahayan	Address, Numero ng Telepono:
Pangalan ng Iba Pang Mga Myembro ng Pamilya	
Pirma ng Kinatawan ng Pamilya	Petsa: (aa/bb/tttt)
<b>Public Housing Agency</b>	
Pangalan ng PHA	Address, Numero ng Telepono:
Titulo ng Kinatawan ng PHA	
Pirma ng Kinatawan ng PHA	Petsa: (aa/bb/tttt)